**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Learning styles and content word skills of first-year students: An assessment

**Franxes Ghia U. Tordil, EdD***
Abra State Institute of Sciences and Technology
Abra, Philippines
Email: fgtordil@asist.edu.ph

**Ruby May P. Cabael**
Abra State Institute of Sciences and Technology
Abra, Philippines
Email: rmcabael@asist.edu.ph

ABSTRACT

This study aimed to determine the learning styles and content word skills of first-year students of Abra State Institute of Sciences and Technology. It also sought to identify the relationship between students' learning styles and their content word skills, as well as the differences in the level of students' proficiency in using various content words. The study employed a descriptive correlational research design. The respondents consisted of 85 students from the College of Teacher Education and Home Technology, 51 from the College of Sciences and Information Technology, and 67 from the College of Agriculture and Cooperatives, all of whom were first-year students. The researchers used a checklist to identify students' learning styles and a questionnaire to measure their proficiency in parts of speech. The mean was used to determine the levels of learning styles and content word skills of the respondents, bivariate analysis was employed to determine relationships between variables, and analysis of variance was used to identify differences in learning styles and content word skills. Findings revealed that the respondents learned best through the auditory learning style. They also demonstrated the highest proficiency in verbs and adjectives. The study further revealed that there was a significant relationship between parts of speech and students' learning styles. In terms of differences, pronouns and adjectives showed significant differences in learning levels compared to other content words. Based on these findings, the researchers recommended that teachers provide additional learning activities to help develop and enhance students' other learning styles. It was also recommended that more instructional time and greater variety in practice activities related to content words be provided.

---

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404659

Recommended citation:
Tordil, F. G. U., & Cabael, R. M. P. (2025). Learning styles and content word skills of first-year students: An assessment. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 7216-7225. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404659

Keywords: Content words, VARK, learning styles

Date Submitted: November 15, 2025
Date Accepted: November 28, 2025
Date Published: December 24, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral sa unang taon: Isang pagtataya

**Franxes Ghia U. Tordil, EdD**
Abra State Institute of Sciences and Technology
Abra, Philippines
Email: fgtordil@asist.edu.ph

**Ruby May P. Cabael**
Abra State Institute of Sciences and Technology
Abra, Philippines
Email: rmcabael@asist.edu.ph

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang kasanayang pangnilalaman at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology. Gayundin, layunin din nito na tukuyin ang kaugnayan ng paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral at ang kaibahan sa lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit sa mga iba't ibang salitang pangnilalaman. Ang pag-aaral na ito ay may istilong deskriptiv-korelasyon. Sumakop ito ng 85 respondents mula sa College of Teacher Education and Home Technology, 51 mula sa College of Sciences and Information Technology at 67 mula sa College of Agriculture and Cooperatives. Lahat ay pawang nasa unang taon. Gumamit ang mga mananaliksik na tseklis sa pag-alam ng mga paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral at talatanungan naman sa mga bahagi ng panalita. Ginamit ang mean sa pagtukoy sa paraan ng pagkatuto at sa kasanayang pangnilalaman ng mga respondent, bivariate analysis sa pagtukoy ng kaugnayan at ANOVA naman sa pagtuklas ng kaibahan ng paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman. Mula sa pag-aaral, nalaman na mas natututo ang mga respondents sa paraang auditory. Pinakamahusay naman sila sa pandiwa at pang-uri. Napag-alaman din na may makabuluhang kaugnayan ang mga bahagi ng panalita sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantala, sa kaibahan naman, nalaman na ang panghalip at pang-uri ay may makabuluhang kaibahan sa antas ng pagkatuto kumpara sa iba pang mga salitang pangnilalaman. Base sa mga lumabas na tuklas, inirerekomenda ng mga mananaliksik na magbigay ang guro ng mga karagdagang gawain sa mga mag-aaral upang madevelop at mapaunlad ang ibang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayundin inirerekomenda rin na maglaan ng mas mahabang oras at mas maraming barayti sa istilo ng mga pagsasanay kaugnay sa mga salitang pangnilalaman.

Mga susing salita: Salitang pangnilalaman, VARK, paraan ng pagkatuto

## PANIMULA

Ang Filipino ay isa sa mga pangunahing asignaturang itinuturo sa Pilipinas. Kaalinsabay nito ang mga iba pang asignatura gaya ng Mathematics, Science, English at Makabayan. Layunin ng asignaturang Filipino na paunlarin at payabungin ang pagkanasyunalismo sa mga mamamayang Pilipino. Sa elementarya, una pang itinuturo sa mga mag-aaral ang pagbasa sa Filipino kaysa sa

English. Marami ang nagsasabi na mas madali itong intindihin at matutunan sapagkat kung ano ang bigkas ng mga salita ay siya rin namang baybay ng mga ito.

Sa murang edad, itinuturo na sa mga batang Pilipino ang mga iba't ibang Pambansang Sagisag. Kung tatanungin ang isang mag-aaral sa Kinder o sa Preparatory at maging sa Nursery, tungkol sa mga pambansang bulaklak o hayop o laro kaya ay siguradong makasasagot sila. Lalo na tuwing dumarating ang Buwan ng Wika, kinakailangan nilang kabisaduhin ang mga sagisag na ito upang manalo sa quiz bee na isasagawa kadalasan sa eskwelahan bilang bahagi ng pagdiriwang na ito.

Gayunpaman, base sa obserbasyon, ang kulturang Pilipino ay napapansin at nagagamit lamang tuwing Agosto, minsan sa isang taon. Ang masaklap pa nito tumatanggap din ng mga mahahayap na komento ang Wikang Pilipino tulad na lamang ng komento ni Soriano (2011) sa kanyang kolum sa Manila Bulletin kung saan sinabi niya na: "Filipino is not the language of the learned. It is the language of the streets- how you speak to the tindera when you went to the tindahan, when you used to tell your katulong that you had an utos and how you texted your manong when you need sundo na…" Umani ito kalaunan ng maraming pagtuligsa.

Sa tahanan, hindi rin itinuturo ng mga magulang ang Filipino sa kanilang mga anak. Sa halip, gumagamit sila ng English upang magtunog sosyal at imported. Bilang resulta, marami sa mga kabataan ngayon ay hindi napapahalagahan ang Wikang Filipino. Kaya naman sa eskuwelahan, marami sa kanila ang nalilito at nahihirapan; at nakakatuwa mang isipin ay bumabagsak sa dapat sana ay pinakamadaling asignatura dahil ito ay sariling atin.

Ang pagtangi sa dayuhang kultura ay lalo pang napaiigting ng lipunan sa kasalukuyan na kinakikitaan ng labis-labis na pagkahumaling sa kulturang Amerikano. Nakapanlulumong isipin na kung mabibigyan ang nakararaming Pilipino ng pagkakataon na mangibang bansa ay mas pipiliin nilang pagsilbihan ang dayuhang lupa kaysa sa sariling bansa. Marami sa mga propesyunal na Pilipino ay isinususgal ang kanilang propesyon at pagkatao kapalit ng salapi at green card. Pilipino silang ipinanganganak subalit mga dayuhan silang namamatay.

Maraming problema ang Pilipinas na nagiging sanhi ng pagkamuhi o pagkahiya ng mga Pilipino. Subalit kung lahat na lamang ng mga mamamayan ay tatalikod at kakalimutan ang bansa dahil mahirap ayusin ang sistema nito, ano pa ang kahihinatnan ng bansa? Kung lahat ay ikahihiya ang wikang Pilipino dahil sa ito ay submisibo o nakabababa ang uri kaysa sa ibang umaaribang bansa, hanggang saan na lamang kaya ang buhay ng ating wika?

Ang wika ay maaaring mamatay depende sa dalang o dalas at dami o kaunti ng gumagamit. Sa pagdaan ng mga panahon kung ito ay hindi na nagagamit, posible itong makalimutan at maisantabi. Sa kabilang dako, ang isang salitang balbal ay maaaring maging regular o tumaas ang antas kapag laging nagagamit.

Ang Filipino, gaya ng English ay binubuo rin ng mga salitang pangnilalaman at pangkayarian. Ang mga salitang pangnilalaman ay nahahati sa pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri at pang-abay. Ang mga salitang ito ang nagbibigay ng laman sa balarila o sa pahayag. Sa kabilang banda, ang mga salitang pangkayarian naman ang nag-uugnay-ugnay sa mga ito upang mabuo ang mensahe. Ang kawalan ng isa sa mga ito ay parang kawalan o kakulangan ng sangkap sa isang putahe o kulay sa isang sining. Sa gayon mawawalan ito ng lasa o timpla. Bagkus palagi itong nagagamit sa araw-araw na talastasan, marami ang hindi marunong o hindi nakakikilala sa mga ito.

Sa panig ng eskwelahan, itinuturo ang iba't ibang mga kasanayang pampagkatuto sa iba't ibang larang kabilang ang wika. Gayunman, hindi maitatanggi na naapektuhan ng kakayahan at istilo ng pagkatuto ang husay o hina ng isang mag-aaral sa pagkatuto.

Volume 4, Issue 4
ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Ang VARK ay ipnakilala ni Neil Flemming. Ito ay isang modelo ng pagkatuto na nagsasabing ang isang indibidwal ay maaaring matuto sa iba't ibang pamamaraan-visual, auditory, kinesthetic at read and write. Maaari ring mas maigi ang pagkatuto ng isang indibidwal gamit ang isang partikular na istilo kaysa sa iba. Dito nagagamit ang mga kagamitang pampagtuturo sa mas epektibong pamaraan.

Gayunman, tiyak na walang iisang pamaraan ang epektibo sa lahat ng uri ng mag-aaral. Iba-iba pa rin ang istilong aakma sa bawat isa. Ang VARK ay nakatuon sa indibidwal na pagkakaiba, ng husay at kahinaan.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology. Nilalayon din nitong mailarawan ang antas ng iba't ibang estilo ng pagkatuto at kasanayan sa paggamit ng mga salitang pangnilalaman, gayundin ang ugnayan at pagkakaiba ng mga ito, upang higit na maunawaan ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

1. Ano ang lebel ng mga paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology ayon sa visual, audio, read and write, at kinesthetic na paraan ng pagkatuto?
2. Ano ang lebel ng kasanayan sa mga salitang pangnilalaman ng mga mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology sa aspektong pangngalan, pandiwa, panghalip, pang uri, at pang abay?
3. May kaugnayan ba ang paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology?
4. May makabuluhang kaibahan ba ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral ng Abra State Institute of Sciences and Technology batay sa kanilang paraan ng pagkatuto?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong deskriptiv korelasyon upang mailarawan at masuri ang paraan ng pagkatuto at ang lebel ng kasanayan sa mga salitang pangnilalaman ng mga mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology, gayundin ang ugnayan ng mga nasabing baryabol. Ang disenyong deskriptiv ay ginamit upang mailahad ang kasalukuyang kalagayan ng mga paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral, samantalang ang korelasyonal na disenyo ay inilapat upang matukoy kung may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng mga ito. Isinagawa ang pag-aaral sa loob ng institusyon kung saan kabilang ang mga respondente, at pinili ang mga kalahok mula sa iba't ibang kolehiyo upang matiyak ang sapat na representasyon ng populasyon na saklaw ng pananaliksik. Kabuuang 203 mag-aaral ang naging respondente ng pag-aaral, kung saan 85 ay mula sa College of Sciences and Information Technology, 51 mula sa College of Teacher Education and Home Technology, at 67 mula sa College of Agriculture and Forestry.

Sa pangangalap ng datos, gumamit ang mga mananaliksik ng mga orihinal na instrumentong binuo para sa layunin ng pag-aaral. Isang tseklis ang ginamit upang matukoy ang mga paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, samantalang isang talatanungan naman ang inihanda

upang masukat ang kanilang lebel ng kasanayan sa mga salitang pangnilalaman na kabilang sa iba't ibang bahagi ng panalita. Bago ang aktuwal na pangangalap ng datos, isinagawa ang kinakailangang pahintulot mula sa kinauukulang awtoridad ng institusyon at ipinaliwanag sa mga respondente ang layunin ng pag-aaral upang matiyak ang kusang loob na pakikilahok. Iginalang ang mga prinsipyong etikal sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapanatili ng pagiging lihim ng mga tugon at paggamit ng mga nakalap na datos para lamang sa layuning akademiko.

Matapos makalap ang mga datos, isinailalim ang mga ito sa wastong estadistikal na pagsusuri upang masiguro ang kawastuhan ng interpretasyon. Ginamit ang mean upang matukoy ang mga paraan ng pagkatuto at ang lebel ng kasanayan ng mga respondente sa mga salitang pangnilalaman. Upang masuri ang ugnayan sa pagitan ng mga paraan ng pagkatuto at lebel ng kasanayang pangnilalaman, isinagawa ang bivariate analysis na may antas ng kabuluhan na .01 at .05. Samantala, ginamit ang analysis of variance upang matukoy kung may makabuluhang kaibahan sa lebel ng kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral batay sa kanilang paraan ng pagkatuto. Ang mga resulta ng pagsusuri ang nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga kongklusyon at interpretasyon ng pag-aaral.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Matapos maisagawa ang mga pamamaraang metodolohikal na inilahad sa naunang kabanata, inilalahad sa bahaging ito ang mga resulta at talakayan ng pag-aaral batay sa mga datos na nakalap mula sa kabuuang 203 mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology. Ang mga respondente ay binubuo ng 85 mag-aaral mula sa College of Sciences and Information Technology, 51 mula sa College of Teacher Education and Home Technology, at 67 mula sa College of Agriculture and Forestry and Cooperatives. Gumamit ang pag-aaral ng disenyong deskriptiv korelasyon at ng mga orihinal na instrumentong binuo ng mga mananaliksik, kabilang ang tseklis para sa paraan ng pagkatuto at talatanungan para sa kasanayang pangnilalaman. Ang mga datos ay sinuri gamit ang mean upang matukoy ang lebel ng mga baryabol, Pearson product moment correlation upang suriin ang ugnayan ng mga ito, at analysis of variance upang matukoy ang kaibahan ng lebel ng kasanayan batay sa paraan ng pagkatuto. Ang talakayan ay nakabatay sa mga layunin ng pag-aaral at sa aktuwal na datos na nakuha mula sa mga respondente.

Sa pagsusuri ng lebel ng mga paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa VARK, lumitaw na ang mga mag-aaral mula sa College of Sciences and Information Technology ay nakakuha ng mean na 3.51 sa visual na paraan ng pagkatuto na may deskriptibong interpretasyong mahusay, 3.67 sa auditory na paraan na may interpretasyong mahusay, 2.96 sa kinesthetic na paraan na may interpretasyong katamtamang husay, at 3.34 sa read and write na paraan na may interpretasyong katamtamang husay. Ang kabuuang mean ng CSIT ay 3.37 na may interpretasyong katamtamang husay. Sa College of Teacher Education and Home Technology, ang visual na paraan ay may mean na 3.33 na may interpretasyong katamtamang husay, ang auditory na paraan ay may mean na 4.04 na may interpretasyong mahusay, ang kinesthetic na paraan ay may mean na 3.28 na may interpretasyong katamtamang husay, at ang read and write na paraan ay may mean na 3.94 na may interpretasyong mahusay. Ang kabuuang mean ng CTEHT ay 3.64 na may interpretasyong mahusay. Samantala, ang mga mag-aaral mula sa College of Agriculture and Forestry and Cooperatives ay nakakuha ng mean na 3.19 sa visual, 3.38 sa auditory, 3.01 sa kinesthetic, at 2.79 sa read and write, na pawang may deskriptibong interpretasyong katamtamang husay. Ang kabuuang mean ng CAFC ay 3.13 na may interpretasyong katamtamang husay. Sa kabuuan ng lahat ng kolehiyo, ang visual na paraan ay may mean na 3.34 na may interpretasyong katamtamang

husay, ang auditory na paraan ay may mean na 3.69 na may interpretasyong mahusay, ang kinesthetic na paraan ay may mean na 3.08 na may interpretasyong katamtamang husay, at ang read and write na paraan ay may mean na 3.35 na may interpretasyong katamtamang husay. Ang kabuuang mean ng mga paraan ng pagkatuto ay 3.365 na may interpretasyong katamtamang husay. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na bagama't nagagamit ng mga mag-aaral ang iba't ibang paraan ng pagkatuto, nangingibabaw ang auditory na paraan bilang mas epektibong estratehiya sa kanilang pagkatuto.

Sa lebel naman ng kasanayan sa mga salitang pangnilalaman, natuklasan na ang mga mag-aaral mula sa College of Sciences and Information Technology ay nakakuha ng mean na 5.94 sa pang-uri na may interpretasyong katamtamang husay, 4.81 sa pangngalan na may interpretasyong katamtamang husay, 4.30 sa panghalip na may interpretasyong katamtamang husay, 3.60 sa pandiwa na may interpretasyong katamtamang husay, at 3.36 sa pang-abay na may interpretasyong mahina. Ang kabuuang mean ng CSIT ay 4.40 na may interpretasyong katamtamang husay. Sa College of Teacher Education and Home Technology, ang pang-uri ay may mean na 7.82 na may interpretasyong mahusay, ang pangngalan ay may mean na 5.74 na may interpretasyong katamtamang husay, ang panghalip ay may mean na 5.29 na may interpretasyong katamtamang husay, ang pandiwa ay may mean na 4.00 na may interpretasyong mahina, at ang pang-abay ay may mean na 4.00 na may interpretasyong mahina. Ang kabuuang mean ng CTEHT ay 5.37 na may interpretasyong katamtamang husay. Samantala, ang mga mag-aaral mula sa College of Agriculture and Forestry and Cooperatives ay nakakuha ng mean na 4.50 sa pang-uri na may interpretasyong katamtamang husay, 4.58 sa pangngalan na may interpretasyong katamtamang husay, 3.98 sa panghalip na may interpretasyong mahina, 3.14 sa pandiwa na may interpretasyong mahina, at 3.04 sa pang-abay na may interpretasyong mahina. Ang kabuuang mean ng CAFC ay 3.84 na may interpretasyong mahina. Sa kabuuan ng lahat ng kolehiyo, ang pang-uri ay may mean na 6.08 na may interpretasyong mahusay, ang pangngalan ay may mean na 5.04 na may interpretasyong katamtamang husay, ang panghalip ay may mean na 4.52 na may interpretasyong katamtamang husay, ang pandiwa ay may mean na 3.58 na may interpretasyong mahina, at ang pang-abay ay may mean na 3.46 na may interpretasyong mahina. Ang kabuuang mean ng kasanayang pangnilalaman ay 4.53 na may interpretasyong katamtamang husay. Ipinapakita ng mga resultang ito na ang pang-uri ang bahaging panalita na may pinakamataas na antas ng kasanayan, samantalang ang pang-abay ang may pinakamababang antas.

Sa pagsusuri ng kaugnayan ng paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral sa College of Sciences and Information Technology, natuklasan na ang pangngalan ay may makabuluhang kaugnayan sa visual na paraan ng pagkatuto na may Pearson correlation coefficient na -.333 at significance value na .004 sa .01 level of significance. Ang panghalip ay may makabuluhang kaugnayan sa auditory na paraan ng pagkatuto na may correlation coefficient na -.263 at significance value na .022 sa .05 level of significance. Ang pandiwa ay may makabuluhang kaugnayan sa kinesthetic na paraan ng pagkatuto na may correlation coefficient na .233 at significance value na .044 sa .05 level of significance, at gayundin sa read and write na paraan ng pagkatuto na may correlation coefficient na -.251 at significance value na .030 sa .05 level of significance. Walang natuklasang makabuluhang kaugnayan sa pang-uri at pang-abay sa alinmang paraan ng pagkatuto sa kolehiyong ito.

Sa College of Teacher Education and Home Technology, ang pangngalan ay may makabuluhang kaugnayan sa kinesthetic na paraan ng pagkatuto na may correlation coefficient na -.287 at significance value na .041 sa .05 level of significance. Ang pang-uri ay may makabuluhang

kaugnayan din sa kinesthetic na paraan ng pagkatuto na may correlation coefficient na .315 at significance value na .024 sa .05 level of significance. Walang natuklasang makabuluhang kaugnayan sa panghalip, pandiwa, at pang-abay sa alinmang paraan ng pagkatuto.

Para naman sa College of Agriculture and Forestry and Cooperatives, ang pang-uri ay may makabuluhang kaugnayan sa kinesthetic na paraan ng pagkatuto na may correlation coefficient na -.368 at significance value na .002 sa .01 level of significance. Ang pang-abay ay may makabuluhang kaugnayan sa auditory na paraan ng pagkatuto na may correlation coefficient na .242 at significance value na .049 sa .05 level of significance. Walang makabuluhang kaugnayan ang natuklasan sa pangngalan, panghalip, at pandiwa sa lahat ng paraan ng pagkatuto.

Sa kabuuang pagsusuri ng lahat ng respondente, natuklasan na ang auditory na paraan ng pagkatuto ay may makabuluhang kaugnayan sa pangngalan na may correlation coefficient na .149 at significance value na .038 sa .05 level of significance, sa panghalip na may correlation coefficient na .234 at significance value na .001 sa .01 level of significance, at sa pang-uri na may correlation coefficient na .203 at significance value na .005 sa .01 level of significance. Ang kinesthetic na paraan ng pagkatuto ay may makabuluhang kaugnayan sa pang-uri na may correlation coefficient na .184 at significance value na .010 sa .05 level of significance. Ang read and write na paraan ng pagkatuto ay may makabuluhang kaugnayan din sa pang-uri na may correlation coefficient na .286 at significance value na .000 sa .01 level of significance. Walang makabuluhang kaugnayan ang natuklasan sa pang-abay sa kabuuang pagsusuri.

Sa pagsusuri ng kaibahan ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral batay sa kanilang paraan ng pagkatuto, lumitaw na sa panghalip ay may F value na 3.217 at significance value na .024, na nagpapakita ng makabuluhang kaibahan sa .05 level of significance. Gayundin, ang pang-uri ay may F value na 4.585 at significance value na .004, na nagpapakita ng makabuluhang kaibahan sa .01 level of significance. Samantala, ang pangngalan ay may F value na 1.634 at significance value na .182, ang pandiwa ay may F value na 1.615 at significance value na .187, at ang pang-abay ay may F value na .693 at significance value na .557, na pawang hindi nagpapakita ng makabuluhang kaibahan. Ipinapakita ng mga resultang ito na ang pang-uri ang salitang pangnilalaman na pinakanatatangi at higit na natututuhan ng mga mag-aaral batay sa kanilang paraan ng pagkatuto.

Sa kabuuan, malinaw na ipinapakita ng mga resulta ng pag-aaral na may makabuluhang ugnayan at kaibahan sa pagitan ng paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral, lalo na sa pang-uri at panghalip. Ang mga natuklasang ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangang isaalang-alang ng mga guro ang iba't ibang paraan ng pagkatuto sa pagtuturo ng mga bahagi ng panalita upang higit na mapahusay ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ay nagbibigay ng matibay na batayan para sa pagpapahusay ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wika at nagsisilbing mahalagang ambag sa larangan ng edukasyon at pananaliksik.

## KONKLUSYON

Batay sa kabuuang resulta ng pag-aaral na isinagawa sa 203 mag-aaral sa unang taon ng Abra State Institute of Sciences and Technology na binubuo ng 85 mula sa College of Sciences and Information Technology, 51 mula sa College of Teacher Education and Home Technology, at 67 mula sa College of Agriculture and Forestry and Cooperatives, malinaw na naipakita ang kalagayan ng mga paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga respondente. Ipinakita ng pag-aaral na sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay may katamtamang husay sa lahat ng paraan ng pagkatuto batay sa VARK, na may kabuuang mean na 3.365. Bagama't katamtaman ang

pangkalahatang antas, lumitaw na ang auditory na paraan ng pagkatuto ang may pinakamataas na mean na 3.69 at may deskriptibong interpretasyong mahusay, samantalang ang visual, kinesthetic, at read and write ay nanatili sa antas na katamtamang husay. Ipinahihiwatig nito na mas epektibo para sa karamihan ng mga mag-aaral ang pagkatuto sa pamamagitan ng pakikinig, partikular sa konteksto ng lektura at pasalitang talakayan sa loob ng silid-aralan.

Sa kasanayang pangnilalaman, natukoy na ang mga mag-aaral ay may kabuuang mean na 4.53 na may interpretasyong katamtamang husay. Gayunman, malinaw na lumitaw ang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa iba't ibang bahagi ng panalita. Ang pang-uri ang may pinakamataas na mean na 6.08 at may interpretasyong mahusay, samantalang ang pang-abay na may mean na 3.46 at ang pandiwa na may mean na 3.58 ay kapwa may interpretasyong mahina. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na bagama't may sapat na kasanayan ang mga mag-aaral sa ilang salitang pangnilalaman, partikular sa pang-uri, may malinaw na kahinaan sa pag-unawa at paggamit ng pandiwa at pang-abay, na nangangailangan ng higit na atensiyon sa pagtuturo ng mga bahaging ito.

Pinagtibay din ng pag-aaral na may makabuluhang kaugnayan ang paraan ng pagkatuto at kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral. Sa kabuuang pagsusuri, ang auditory na paraan ng pagkatuto ay may makabuluhang kaugnayan sa pangngalan na may correlation coefficient na .149 at significance value na .038, sa panghalip na may correlation coefficient na .234 at significance value na .001, at sa pang-uri na may correlation coefficient na .203 at significance value na .005. Ang kinesthetic na paraan ng pagkatuto ay may makabuluhang kaugnayan sa pang-uri na may correlation coefficient na .184 at significance value na .010, habang ang read and write na paraan ay may makabuluhang kaugnayan din sa pang-uri na may correlation coefficient na .286 at significance value na .000. Ipinapakita ng mga ugnayang ito na ang pagkatuto ng ilang bahagi ng panalita, lalo na ng pang-uri at panghalip, ay lubos na naaapektuhan ng paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Higit pang napatunayan ng pag-aaral na may makabuluhang kaibahan ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ilang salitang pangnilalaman batay sa kanilang paraan ng pagkatuto. Partikular na natukoy ang makabuluhang kaibahan sa panghalip na may F value na 3.217 at significance value na .024, gayundin sa pang-uri na may F value na 4.585 at significance value na .004. Samantala, walang makabuluhang kaibahan ang natukoy sa pangngalan, pandiwa, at pang-abay. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang pang-uri ang bahaging panalita na pinakanatatangi at higit na natututuhan ng mga mag-aaral, at na ang antas ng kahusayan sa bahaging ito ay nag-iiba batay sa paraan ng pagkatuto.

Mula sa kabuuang sintesis ng mga natuklasan, malinaw na kinakailangang palawakin ng mga guro ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo upang higit na mapaunlad ang iba't ibang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na ang mga paraang hindi pa lubos na nahuhubog. Mahalaga ring isaalang-alang ng mga guro ang pagkakaiba ng kakayahan at pangangailangan ng bawat mag-aaral upang maiangkop ang mga pamamaraang panturo at maging mas epektibo ang proseso ng pagkatuto. Sa pagtuturo ng wika, malinaw na ipinahihiwatig ng mga resulta ang pangangailangang maglaan ng mas mahabang panahon at mas masinsing pagtuturo sa pandiwa at pang-abay, habang patuloy na pinauunlad ang pagtuturo sa pangngalan, panghalip, at pang-uri. Ang pagbibigay ng mas maraming pagsasanay ay mahalaga upang higit na mahasa ang mga mag-aaral hindi lamang sa mga salitang pangnilalaman kundi maging sa mga salitang pangkayarian.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang antas ng kasanayang pangnilalaman ng mga mag-aaral ay hindi maihihiwalay sa kanilang paraan ng pagkatuto. Ang mga konklusyon at

rekomendasyong ito ay nagsisilbing matibay na batayan sa pagpapabuti ng pagtuturo ng wika at panitikan sa antas tersiyarya at nagbibigay ng malinaw na direksiyon para sa mga guro at mananaliksik sa pagpapaunlad ng mas angkop at epektibong estratehiyang panturo.

## MGA SANGGUNIAN

Belvez, P. M. (2000). Ang sining at agham ng pagtuturo. Rex Book Store.

Cuadra, K. (2025, November 26). Mga paraan ng pagkatuto ng mga piling mag-aaral ng unang taon sa kolehiyo. https://www.scribd.com/doc/102337296/Mga-Paraan-Ng-Pagkatuto-Ng-Mga-Piling-Mag-Aaral-Ng-Unang-Taon-Sa-Kolehiyo

Dumlao, C. A. (2015). Paraan ng pagkatuto at kasanayang pangkayarian ng mga mag-aaral ng Abra State Institute of Sciences and Technology. Abra State Institute of Sciences and Technology.

Filipinotek. (2022, July 2). Mga suliranin sa pagtuturo ng Filipino. https://filipinotek.wordpress.com

Fleming, N. D., & Mills, C. (1992). Not another inventory, rather a catalyst for reflection. To Improve the Academy, 11, 137–155. https://doi.org/10.1002/j.2334-4822.1992.tb00213.x

Nuncio, R. V. (2015, June 25). Panayam profesoryal Cecilio M. Lopez sa wika at panitikang Filipino. https://kritikasatabitabi.wordpress.com/tag/wikang_filipino/

Oxford, R. L. (2003). Language learning styles and strategies: An overview. GALA, 1(2), 1–25. https://web.ntpu.edu.tw/~language/workshop/read2.pdf

Soriano, J. (2011, August 24). Filipino is the language of the streets. Manila Bulletin. http://www.pinoymoneytalk.com/James-soriano-column-filipino-language/

Teach.com. (2018, July 1). The VARK modalities. https://www.teach.com/what/teachers-teach/learning-styles/

Tomlinson, C. A. (2014). The differentiated classroom: Responding to the needs of all learners (2nd ed.). ASCD.